

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN – PAKIKIPAG-UGNAYAN SA MGA AHENTE NG IMIGRASYON

- HUWAG BUKSAN ANG PINTO kung ang isang ahente ng imigrasyon ay kumakatok sa pinto.
- HUWAG SAGUTIN ANG ANUMANG TANONG mula sa isang ahente ng imigrasyon kung susubukan nilang makipag-usap sa iyo. Mayroon kang karapatang manatiling tahimik.
- HUWAG PUMIRMA NG ANUMAN nang hindi muna kumakausap sa isang abogado. Mayroon kang karapatang makipag-usap sa isang abogado.
- Kung ikaw ay nasa labas ng iyong bahay, tanungin ang ahente kung maaari kang umalis at kung oo ang kanilang sagot, umalis nang mahinahon.
- IBIGAY ANG KARD NA ITO SA AHENTE Kung ikaw ay nasa loob ng iyong bahay, ipakita ang kard sa bintana o ipasok ito sa ilalim ng pinto.

Hindi ko nais na makipag-usap sa iyo, sagutin ang iyong mga tanong, o pumirma o mag-abot ng anumang dokumento batay sa aking mga karapatan sa ilalim ng Pang-5 S usog ng Konstitusyon ng Estados Unidos.

Hindi kita binibigyan ng pahintulot na pumasok sa aking bahay batay sa aking karapatan sa ilalim ng Pang-4 na Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos maliban kung mayroon kang warrant ng pagpasok, na pinirmahan ng hukom o mahistrado na may nakasaad na aking pangalan o tirahan na ipapasok mo sa ilalim ng pinto.

Hindi kita binibigyan ng pahintulot na maghalughog ng alinman sa aking mga ari-arian batay sa aking karapatan sa lalim ng Pang-4 na Susog.

Pinipili kong gamitin ang aking mga karapatan sa konstitusyon.

Ang mga kard na ito ay maaaring gamitin ng mga mamamayan at hindi mamamayan.



ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN – PAKIKIPAG-UGNAYAN SA LOKAL NA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS

- MANATILING KALMADO. Huwag tumakbo, manlaban, o humadlang sa mga opisyal. Huwag magsinungaling o magbigay ng pekeng dokumento. Panatilihin ang iyong mga kamay kung saan makikita ng pulis.
- Kung ikaw ay pinatabi habang nagmamaneho, I PAKITA ANG IYONG LISENSYA SA PAGMAMANEHO, REHISTRO, AT PATUNAY NG SEGURO kung hihilingin.
- MAYROON KANG KARAPATAN UPANG MANATILING TAHIMIK at hindi kailangang talakayin ang iyong kalagayan sa imigrasyon o pagiging mamamayan sa pulis. HINDI NAGTATANONG ANG MGA PULIS NG PINOLE TUNGKOL SA KALAGAYANG PANG-IMIGRASYON.
- HINDI MO KAILANGANG SUMANG-AYON SA ISANG PAGHALUGHOG sa iyong sarili o sa iyong mga ari-arian; gayunpaman, maaaring "kapkapan" ng mga opisyal ang iyong kasuotan kung pinaghihinalaang may dalang armas.
- Walang karapatan ang pulis na halughugin ka o ang iyong mga ari-arian nang walang PAGSANG-AYON O MAKATUWIRANG DAHILAN.
- MAYROON KANG KARAPATAN SA ISANG ABOGADONG ITINALAGA NG GOBYERNO kung ikaw ay inaresto ng pulis, anuman ang iyong kalagayan sa imigrasyon o pagiging mamamayan.
- Ang impormasyong nasa itaas ay hindi naglalayong pigilan o hadlangan ang mga indibidwal sa pag-uulat ng mga krimen o pakikilahok sa mga saksi sa mga imbestigasyon ng krimen. Iulat lahat ng mga emerhensiya sa 9-1-1 (tumawag o mag-text) at ang lahat ng hindi emerhensiya sa 510-724-1111.
- Ang lungsod ng Pinole ay nananatiling nakatuon sa pangangalaga ng mga karapatan, kalayaan, at k asarinlan ng mga residente, manggagawa, at bisita sa Pinole. Ang paninindigang ito ay kinumpirma ng Konseho ng Lungsod sa Resolusyon 2025-15.
- Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: <https://www.aclu.org/know-your-rights/stopped-by-police>

Ang impormasyong ito ay hindi naglalayong maging payong legal.



ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN – PAKIKIPAG-UGNAYAN SA LOKAL NA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS

- **MANATILING KALMADO.** Huwag tumakbo, manlaban, o humadlang sa mga opisyal. Huwag magsinungaling o magbigay ng pekeng dokumento. Panatilihin ang iyong mga kamay kung saan makikita ng pulis.
- Kung ikaw ay pinatabi habang nagmamaneho, I **PAKITA ANG IYONG LISENSYA SA PAGMAMANEHO, REHISTRO, AT PATUNAY NG SEGURO** kung hihilingin.
- **MAYROON KANG KARAPATAN UPANG MANATILING TAHIMIK** at hindi kailangang talakayin ang iyong kalagayan sa imigrasyon o pagiging mamamayan sa pulis. **HINDI NAGTATANONG ANG MGA PULIS NG PINOLE TUNGKOL SA KALAGAYANG PANG-IMIGRASYON.**
- **HINDI MO KAILANGANG SUMANG-AYON SA ISANG PAGHALUGHOG** sa iyong sarili o sa iyong mga ari-arian; gayunpaman, maaaring “kapkapan” ng mga opisyal ang iyong kasuotan kung pinaghihinalaang may dalang armas.
- Walang karapatan ang pulis na halughugin ka o ang iyong mga ari-arian nang walang **PAGSANG-AYON O MAKATUWIRANG DAHILAN.**
- **MAYROON KANG KARAPATAN SA ISANG ABOGADONG ITINALAGA NG GOBYERNO** kung ikaw ay inaresto ng pulis, anuman ang iyong kalagayan sa imigrasyon o pagiging mamamayan.
- Ang impormasyong nasa itaas ay hindi naglalayong pigilan o hadlangan ang mga indibidwal sa pag-uulat ng mga krimen o pakikilahok sa mga saksi sa mga imbestigasyon ng krimen. Iulat lahat ng mga emerhensiya sa 9-1-1 (tumawag o mag-text) at ang lahat ng hindi emerhensiya sa 510-724-1111.
- Ang lungsod ng Pinole ay nananatiling nakatuon sa pangangalaga ng mga karapatan, kalayaan, at k asarinlan ng mga residente, manggagawa, at bisita sa Pinole. Ang paninindigang ito ay kinumpirma ng Konseho ng Lungsod sa Resolusyon 2025-15.
- Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: <https://www.aclu.org/know-your-rights/stopped-by-police>

Ang impormasyong ito ay hindi naglalayong maging payong legal.



ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN – PAKIKIPAG-UGNAYAN SA MGA AHENTE NG IMIGRASYON

- **HUWAG BUKSAN ANG PINTO** kung ang isang ahente ng imigrasyon ay kumakatok sa pinto.
- **HUWAG SAGUTIN ANG ANUMANG TANONG** mula sa isang ahente ng imigrasyon kung susubukan nilang makipag-usap sa iyo. Mayroon kang karapatang manatiling tahimik.
- **HUWAG PUMIRMA NG ANUMAN** nang hindi muna kumakausap sa isang abogado. Mayroon kang karapatang makipag-usap sa isang abogado.
- Kung ikaw ay nasa labas ng iyong bahay, tanungin ang ahente kung maaari kang umalis at kung oo ang kanilang sagot, umalis nang mahinahon.
- **IBIGAY ANG KARD NA ITO SA AHENTE** Kung ikaw ay nasa loob ng iyong bahay, ipakita ang kard sa bintana o ipasok ito sa ilalim ng pinto.

Hindi ko nais na makipag-usap sa iyo, sagutin ang iyong mga tanong, o pumirma o mag-abot ng anumang dokumento batay sa aking mga karapatan sa ilalim ng Pang-5 S usog ng Konstitusyon ng Estados Unidos.

Hindi kita binibigyan ng pahintulot na pumasok sa aking bahay batay sa aking karapatan sa ilalim ng Pang-4 na Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos maliban kung mayroon kang warrant ng pagpasok, na pinirmahan ng hukom o mahistrado na may nakasaad na aking pangalan o tirahan na ipapasok mo sa ilalim ng pinto.

Hindi kita binibigyan ng pahintulot na maghalughog ng alinman sa aking mga ari-arian batay sa aking karapatan sa lalim ng Pang-4 na Susog.

Pinipili kong gamitin ang aking mga karapatan sa konstitusyon.

Ang mga kard na ito ay maaaring gamitin ng mga mamamayan at hindi mamamayan.

